Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-3 NG PEBRERO, 1997 ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 014-T'97

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. MAGDALENO M. PALACOL, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LALAWIGAN NG LAGUNA, NG DALAWAMPUNG (20) HANDHELD RADIO PARA SA KUWERPO NG PULISYA SA BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** binigyang-pansin at pinahahalagahan ng pamahalaang bayan ang serbisyo ng mga tauhan ng kuwerpo ng pulisya;

**SAPAGKA'T,** naging kaagapay ng pamahalaang bayan ang mga tauhan ng pulisya sa pagsasagawa ng information drive at mabigyan ng mabilisang hakbang ang anomang sakuna o anumang pangyayari na maabot ng radyo;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Angelito U. Limjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling sa Kgg. Magdaleno M. Palacol, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, ng dalawampu (20) handheld radio para sa Kuwerpo ng Pulisya, sa bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Magdaleno M. Palacol, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang, Kgg. Punong Bayan, at ang Tanggapan ng Kagawaran ng Pulisya, lahat sa bayang ito.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Sandicho
JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan